**DRAFT NA RESOLUSYON SA PANDAIGDIGANG KAPULUNGAN NG SEIU, ABRIL 2020 -- PAGPAPARAMI NG MURA AT ACCESSIBLE NA PAMPUBLIKONG SASAKYAN.**

**KUNG SAAN**
"May agarang pangangailangang matugunan ang krisis ng climate change."
(Resolusyon ng SEIU bilang suporta sa Green New Deal, 2019) AT

**KUNG SAAN**
"ANG SEIU AY SUMASANG-AYONG ANG MALAWAKANG PAGSASAMA NG PAMPUBLIKONG INVESTMENT SA MULING PAGSASAAYOS SA ATING
EKONOMIYA AT PAGPAPATATAG NG ATING PAMPUBLIKONG SEKTOR AY KAILANGAN UPANG ANGKOP NA
MATUGUNAN ANG DALAWANG KRISIS NG CLIMATE CHANGE AT HINDI PAGKAKAPANTAY-PANTAY." (Resolusyon ng Green New Deal) AT

**KUNG SAAN**
"Bilang isa sa pinakamalalaking organisasyon ng mga manggagawa, na karamihan ay people of color, at bilang mga residente ng mga komunidad na pinakanaaapektuhan ng mga pang-aabuso sa kapaligiran at climate change, nasa natatangi kaming posisyon upang mag-ambag sa pagbuo ng mas malawak na pagkilos na gumagawa ng mahalagang pagbabago sa ating pang-ekonomiya at pulitikal na sistema upang mapagtagumpayan ang pagkakapantay-pantay sa ekonomiya, lahi, pagiging migrante, kasarian, at LBTQI, at ang katarungang pangkapaligiran."
(Resolusyon ng Kapulungan ng SEIU 108A, Katarungang Pangkapaligiran para sa Mga Manggagawa, 2016) AT

**KUNG SAAN**
Ang mga mobile source gaya ng mga kotse at trak ay nag-aambag ng hanggang 90% ng polusyon sa California at iba pang rehiyon.
(EPA.gov Tala ng Impormasyon)

**KUNG SAAN**
Napag-alaman sa mga kamakailang pag-aaral na hindi lang nati-trigger ng polusyon sa hangin ang hika, ngunit talagang nakakapagdulot ito ng hika, at kapag nakapagtapos na sa high school ang mga bata, may limang ulit na pagtaas
sa mga rate ng abnormal na function ng baga mula sa pinakamalilinis na komunidad sa mga pinakanaaapektuhan ng polusyon, AT

**KUNG SAAN**
Nababawasan ng pampublikong sasakyan ang mga emission ng CO2 nang 37 milyong metric ton taon-taon at nababawasan nito ang pagkonsumo ng enerhiya bawat taon na kasing dami ng 4.2 bilyong galon ng gasolina -- halaga na katumbas ng 320 milyong kotseng nagpapagasolina nang halos 900,000 beses bawat araw.

(Ang Samahanan para sa Pampublikong Sasakyan ng America, Mga Benepisyo ng Pampublikong Sasakyan), AT

**KUNG SAAN**
Karaniwang nababawasan ng mga subsidy ng rideshare na binabayaran ng employer ang mga pagbiyahe ng sasakyang pang-isahan ng hanggang 20%.
(Lupon para sa Pananaliksik tungkol sa Transportasyon, Pambansang Konseho ng Pananaliksik, TCRP Report 107), AT

**KUNG SAAN**
Ang malawakang pagpaparami ng pampublikong sasakyan na nakatuon sa mga bus at treng pinapatakbo ng kuryente, access at mga pagbabawas sa gastusin, ay gagawa ng napakaraming bagong union green job, AT

**KUNG SAAN**
Sinuportahan ng Lokal ng SEIU 721 ang “pagbuo ng mga kolektibong layunin sa pakikipagkasundo at kampanya tungkol sa katarungang pangkapaligiran, pangunahing pagpopondo para sa mga insentibo para sa pampublikong sasakyan at iba pang
alternatibo sa pagbiyahe nang mag-isa, kalusugan at kaligtasan sa trabaho at komunidad, malinis na enerhiya, at pagtiyak sa edukasyon at mobilisasyon ng miyembro bilang suporta sa mga layuning ito bilang bahagi ng mas malalawak na contract campaign.”
(Isinumite ng Action Team ng Katarungang Pangkapaligiran, Oktubre 5, 2017) AT

**KUNG SAAN**
"Ang pampublikong sasakyan ay isang karapatang sibil at mahalaga sa pagkilos na may kaugnayan sa klima."
(Labor Network para sa Sustainability, 2020 Virtual Convergence) AT

**KUNG SAAN**
Ang sasakyang libre sa pamasahe ay nakakatanggap ng dumaraming suporta sa mga komunidad sa buong bansa. (New York Times, Enero 16, 2020, P. A10), AT

**KUNG SAAN**
" . . . . . mas iginigiit ng mga advocate sa buong mundo na libre dapat ang pampublikong sasakyan. Ipinaglalaban nila na ang murang transportasyon ay mahalaga sa pagtulong sa mga tao na makarating sa
paaralan, mga trabaho, at mga oportunidad upang matulungan silang makaahon sa kahirapan. Makakabuti rin ito para sa planeta, bilang maraming tao ang pumipiling sumakay sa transit kaysa magmaneho na nakakabawas sa mga emission ng greenhouse gas na responsable para sa climate change. . ."
(Los Angeles Times Editorial, Enero 23, 2020).

**SAMAKUTUWID, NAPAGPASYAHAN ANG SUMUSUNOD**

Lubos na susuportahan ng SEIU ang pagpaparami ng pampublikong sasakyan sa buong bansa at sa bawat rehiyon, sa pamamagitan ng pagpapatupad ng batas at kolektibong pakikipagsundo, at kabilang ang mga pinababang pamasahe na may layuning
libreng sasakyan, at bibigyang-priyoridad ng SEIU ang pagsuporta sa pagpaparami sa pamamagitan ng mga pag-alis sa mga subsidy sa mga korporasyon ng fossil fuel, para sa reporma sa progresibong buwis at iba pang pangmatagalan at progresibong hakbang.